



Paano ba magiging Kapwa?



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Dt 30:10-14)

¹⁰Sinabi ni Moises sa bayan: “Kailangan ninyong dinggin ang tinig ng inyong Panginoong Diyos at buong puso’t kaluluwang sundin ang kanyang mga utos.

¹¹“Ang Kautusang ibinigay ko ngayon sa inyo ay madaling sundin at unawain. ¹²Ito’y wala sa langit, kaya hindi ninyo masasabing walang aakyat doon at kukuha sa Kautusan upang marinig ninyo at maisakatuparan.

¹³Ni wala ito sa ibayong dagat kaya di ninyo masasabing walang tatawid sa dagat para kunin ang Kautusan at nang marinig ninyo at maisagawa. ¹⁴Ang Kautusan ay di malayo sa

inyo: **nasa inyong bibig, nasa inyong puso, kaya magagawa ninyo.”**

Tema: Pagsunod sa Utos ng Diyos

PAGPAPALIWANAG

- Inuulit sa aklat ng Deuteronomio ang mga kautusan sa aklat ng Exodo at iginigiit ang pagdingin sa tinig ng Diyos at ang pagsunod sa kanyang mga utos (b. 10).
- Ipinapahayag sa b. 11 na ang mga kautusan ng Diyos ay malinaw at madaling unawain.
- Hindi lubhang mahiwaga at malayo.
- Sumusunod ang mga bb. 12-13. Hindi kailangang gawin ang imposible upang matutunan ang mga kautusan ng Diyos (*Hindi na kailangang umakyat sa langit o tumawid sa ibayong dagat upang malaman at maisakatuparan ito*).

- Hindi maaaring pahintulutan ang maraming kadahilanan upang di malaman at tupdin ang batas ng Diyos.
- Itinuturo sa b. 14 ang pagiging malapit ng Kautusan ng Diyos sa bibig at puso ng mga Israelita. Kaya't isabuhay ito!

PAGNINILAY

Ayon sa Pagbasa, ang Kautusan ay payak. Wala tayong dahilan o pahintulot upang hindi ito isakatuparan. Ang mga kautusan ay malapit sa sentido komun, para sa mga nais manatili sa Lupang Pangako.

SALMONG TUGUNAN (Slm 68) DUMULOG TAYO SA DIYOS UPANG MABUHAY NANG LUBOS.

IKALAWANG PAGBASA (Col 1:15-20)

Pagkakakilanlan kay Hesus

¹⁵Si Kristo ang larawan ng Diyos na dinakikita,/ at siyang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha. /

Pang-ukol

¹⁶Sapagkat ang lahat ng nasa langit at nasa lupa,/ nakikita man o hindi,/ pati ang mga naghahari at namamahala,/ mga namumuno at may kapangyarihang espirituwal ay pawang nilikha ng Diyos sa pamamagitan niya at para sa kanya./

Pagkakakilanlan kay Hesus

¹⁷Siya'y una sa lahat./

Pang-ukol

at sa kanya nasasalalay ang kaayusan ng lahat ng bagay./

Pagkakakilanlan kay Hesus

¹⁸Siya ang ulo ng Simbahan na kanyang katawan./ **Siya ang Una**, ang panganay na Anak – ang unang nabuhay na muli/ upang siya ang maging pinakadakila sa lahat ng bagay.

Pang-ukol

¹⁹Ipinasiya ng Diyos na ang kanyang kalikasan

ay manatili rin sa Anak,/ ²⁰at inibig niyang ang sandaigdigan ay makipagkasundo sa kanya sa pamamagitan ng Anak./ Sa pamamagitan ng pagkamatay nito sa krus, nagkasundo nga ang Diyos at ang lahat ng nilikha/ sa langit at sa lupa.

Tema: **Si Kristo ang Una sa Lahat**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay tungkol sa pagkapangunahin (primacy/ pre-eminence) ni Kristo. Natatagpuan lahat ng nilalang ang kahulugan ng kanilang pag-iral kay at sa pamamagitan ni Kristo.

PAGNINILAY

MABUTING BALITA (Lc 10:25-37)

²⁵Noong panahong iyon, may isang eskribang lumapit kay Hesus upang siya'y subukin. (*Nagtanong siya na may maling motibo o layunin. Matututo kaya siya kay Hesus sa ganitong uri ng kalooban/ disposisyon?*) “Guro,” aniya, “ano ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?” (*Mistulang nakakamit ang langit sa pamamagitan ng sariling pagsusumikap at hindi dahil sa merito o karapatan ni Kristo.*) ²⁶Sumagot si Hesus, “Ano ang nakasulat sa Kautusan (*Torah ay merong 613 mitzvot o kautusan*)? Ano ang nababasa mo roon?” (*Alam rin ni Hesus kung paanong magtanong. Bilang isang rabbi o guro, pinalalabas niya ang kasagutan. Nais niyang ang kasagutan ay manggaling mismo sa eskriba. Hindi nagalit si Hesus sa eskribang sumusubok sa kanya bagkus pinaunlakan niya ito at ang kanyang pagtatanong.*)

²⁷Tumugon siya, “ ‘Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso,

nang buong kaluluwa, nang buong lakas, at nang buong pag-iisip'; at 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.'” (*Nagmula ang sagot ng eskriba sa Dt 6:4-6 at Lev 19:18.*)²⁸“Tama ang sagot mo,” wika ni Hesus. “Gawin mo iyan at mabubuhay ka.” (*Sumang-ayon si Hesus sa tamang sagot.*)²⁹Sa hangad ng eskriba na huwag siyang lumabas na kahiya-hiya (*Makulit! Nais ng eskriba na ipakita na siya’y taong matuwid, katanggap-tanggap sa Diyos at marunong: Alam ko ‘yan!*) tinanong niya uli si Hesus, “Sino naman ang aking kapwa?” (*Disidido siyang subukin si Hesus sa pamamagitan ng pagsisimula ng isang bagong tema. Sa kabila nito, hindi siya ipinahiya ni Hesus.*)

³⁰Sumagot si Hesus (*Isinalaysay niya ang Talinghaga ng Mabuting Samaritano*): “May isang taong naglalakbay buhat sa Jerusalem (*bundok*), patungong Jerico (*patag na malapit sa ilog ng Jordan*). Hinarang siya ng mga tulisan (*tulad ni Barabas o nang dalawang magnanakaw na ipinako kasama ni Hesus*), kinuha pati damit sa katawan, binugbog at halos patay na nang iwan. ³¹Nagkataong dumaan doon ang isang saserdote (*pinakamataas na punong relihiyoso*) at pagkakita sa taong nakahandusay, siya’y lumihis at nagpatuloy sa kanyang lakad. (*Hindi niya tinulungan ang kawawang nilalang. Pari pa naman. Marahil pagod na siya matapos maglingkod sa templo.*)³²Dumaan din ang isang Levita (*mula sa tribu ni Levi; walang lupain noong panahon ng mga Hukom; katuwang na layko ng saserdote*), ngunit tiningnan lamang niya ito at nagpatuloy ng kanyang lakad. (*Hindi pinahihintulutan ng batas ang mga taong ito na humawak sa patay upang maiwasan ang pagkakahawa at karumihan sa ritwal. Lev 21:1-3,11; Blg 19:11-16. Sa pananaw ng isang Hudyo, tama ang kanilang*

ginawa.)³³Ngunit may isang Samaritanong naglalakbay (**Dayuhan, kaaway ng mga Hudyo; hindi inaasahang magpapakita ng awa**) na naparaan doon. Nakita niya ang hinarang at siya’y nahabag. (*Ang Samaritano ay may pakiramdam. Taong tunay! Nahabag siya nang buong puso at pagkatao.*)³⁴Lumapit siya, binuhusan ng langis at alak (*sinaunang panggamot*) ang mga sugat nito at tinalian. Saka isinakay ang tao (*nang buo niyang lakas*) sa kanyang sinasakyang hayop, dinala sa bahay-panuluyan, at inalagaan doon. (*Kumilos ang Samaritano ayon sa kanyang nararamdaman at isinabuhay niya ito upang iligtas ang biktima.*)³⁵Kinabukasan, dumukot siya ng dalawang denaryo (*katumbas ang dalawang araw na sahod*), ibinigay sa may-ari ng bahay-panuluyan at sinabi, ‘Alagaan mo siya, at kung magkano man ang kakulangan niyan, babayaran ko sa aking pagbabalik.’ (*Ginawa ng Samaritano ang higit pa sa inaasahan sa kanya. Tumulong siya hanggang sa huli. Ang kanyang tulong ay buo at hindi mabigat sa kalooban.*)


³⁶Sino ngayon sa palagay mo ang nagpakita ng kanyang **pakikipagkapwa** sa taong hinarang ng mga tulisan?” tanong ni Hesus. (*Sa tanong ni Hesus nabago ang kahulugan ng “kapwa”.*)³⁷“Ang nagpakita ng habag sa kanya,” (*Tol, tama ka diyan!*) tugon ng eskriba. Sinabi sa kanya ni Hesus, “Humayo ka’t gayun din ang gawin mo.” (*Wala nang katanungan pa ang eskriba sa pagkakataong ito. Kailangan niyang tularan ang mabuting Samaritano. Ginawa kaya niya ito? Kung oo, isang napakalaking pagbabago na taliwas sa batayan o saligang personal, relihiyoso, kasaysayan at kultural. Hindi siya naging samaritano kundi isang mainam na tagasunod ni Kristo.*)

Tema: Sino ang Aking Kapwa?

Bagong Libro ng ST PAULS

PAGNINILAY

- Si Hesus ay isang mabuting guro kahit sa Eskriba na may masamang layunin.
- Ginagamit ni Hesus ang lahat ng pagkakataon upang turuan ang lahat kahit iyong mga naliligaw.
- Siniseryoso ka ni Hesus kahit na sa umpisa ay hindi dalisay ang iyong kalooban. Kung ipagpapatuloy mo ang paghahanap, masusumpungan mo ang liwanag.
- Paano makakamit ang buhay na walang hanggan? Ang sagot ni Hesus: Mahalin ang Diyos at ang kapwa (maging kapwa sa iyong kapwa tao). Magpakita ng awa at pagpapahalaga. Hayaan ang iyong pag-ibig na maipamalas sa mga konkretong bagay. Pahalagahan ang pag-ibig kaysa sa ritwal.
- Mapagbiro ang may-akda na si Lucas. Hinimok niya ang eskriba na ituring na bayani sa kwento ang isang kaaway (ang Samaritano). Ipinagbabawal sa mga Hudyo ang hangaan ang kaaway.



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

II. PAG-UUGNAY

Ipinapahayag sa Unang Pagbasa ang pagsunod sa kautusan ng Diyos

Ipinapahayag sa Ikalawang Pagbasa ang tungkol sa papel na ginagampanan ni Hesus sa ating pag-iral at kaligtasan. (Hindi tayo makakahulagpos sa kanya. Kung siya ang puno at dahilan ng ating pag-iral samakatuwid dapat lamang siyang isaalang-alang pati ang kanyang mga kautusan.)

Ang Ebanghelyo ay tungkol sa kautusan ng pag-ibig sa Diyos at sa kapwa.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ang tanong na maaring ipupukol sa atin ay: Paano ba tayo magiging kapwa tao ng ating mga kakilala at kapitbahay?

Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**
Isinalin ni Fr. Khris Llacer, SSP

(Pangwakas na panalangin)

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.

Luwalhati... (mula sa Prayers of the Pauline Family)